Seattle Fire Department sfd CAM Memorando ng Tulong para sa Kliyente 5052
Seattle Permits
—bahagi ng series ng maraming kagawaran sa mga serbisyo at pagpapahintulot sa Lungsod

Gabay sa Panahon ng Emergency na Sunog

Na-update noong Nobyembre 2021

Alinsunod sa 403.10.2 ng Lipon ng Mga Batas sa Sunog (Fire Code) ng Seattle, ang mga may-ari o tagapamahala ng mga nirerentahang ari-arian ay kinakailangang bumuo o magpamahagi ng Mga Gabay sa Panahon ng Emergency na Sunog (Emergency Guides). Ang Gabay sa Panahon ng Emergency na Sunog ay nagbibigay sa mga tauhan at residente ng mga plano sa paglikas at impormasyon tungkol sa madaling makukuhang kagamitang pamprotekta sa sunog sa gusali.

Isinasaad dapat sa Gabay sa Panahon ng Emergency na Sunog ang sumusunod:

- Lokasyon, layunin at paggamit ng kagamitan at mga kasangkapang pamprotekta sa sunog, kasama ang mga fire alarm system, smoke alarm, at portable fire extinguisher.
- Mga ruta sa paglikas sa emergency sa bawat apartment gamit ang mga hagdanan, hindi ang mga elevator.
- Lokasyong pagtitipunan sa labas para sa mga nag-ookupa sa gusali.
- Mga direksyon para sa mga tenant na hindi makakalabas ng gusali gamit ang mga hagdanan.

Dapat na ipinapaliwanag sa Gabay sa Panahon ng Emergency na Sunog ang mga kinakailangan ng mga residente ng gusali at ang mga partikular na detalye ng gusali.

Dapat suriin ng may-ari o tagapamahala ng gusali ang gabay nang kahit isang beses lang sa isang taon. Dapat magbigay ng kopya ng mga plano sa bawat tenant kapag nanirahan na sila at kapag may mga ginawang pagbabago.

Ang impormasyong ito ay hindi nalalapat sa matataas na gusaling tirahan. Ang matataas na gusali ay kailangang may Mga Plano sa Kaligtasan at Paglikas Kapag May Sunog. Para malaman ang iba pang impormasyon, o para matukoy kung ang isang partikular na inookupahan ay nangangailangan ng mga plano, basahin ang Memorando ng Tulong para sa Kliyente (Client Assitance Memo, CAM) 5051 Mga Plano sa Kaligtasan at Paglikas Kapag May Sunog (Fire Safety and Evacuation Plans) sa: www.seattle.gov/fire/firecode.

Ang isang pagpipiliang format para sa Gabay sa Panahon ng Emergency na Sunog ay ang paghanda ng simpleng floor plan diagram para sa bawat palapag ng gusali na nagpapakita sa lokasyon ng mga kagamitan at kasangkapang pamprotekta sa sunog na magagamit ng mga residente, pati na rin ang mga fire alarm system, smoke alarm at portable fire extinguisher. Makikita rin sa floor plan ang ruta sa paglikas sa panahon ng emergency mula sa bawat unit ng tirahan.

Tingnan ang Appendix 1 para sa isang halimbawa ng Gabay sa Panahon ng Emergency na Sunog.

Makikita online ang mga karagdagang mapagkukunan ng impormasyon tungkol sa sunog at kaligtasan ng buhay sa www.seattle.gov/fire/safety-and-community.

LEGAL NA DISCLAIMER: *Hindi dapat gamitin ang Memorando ng Tulong para sa Kliyente (CAM) bilang pamalit sa lipon ng mga batas at regulasyon. Responsibilidad ng mga indibiduwal -na sundin ang lahat ng inaatas ng lipon ng mga batas at panuntunan, nakasaad man sa CAM na ito o hindi.*

City of Seattle
Fire Department
Fire Prevention Division
220 3rd Avenue South
(206) 386-1450

Appendix 1:

Halimbawa ng Gabay sa Panahon ng Emergency na Sunog

Kagamitang Panligtas sa Sunog sa Gusali

- May mga smoke alarm at fire sprinkler system ang gusali.
- May makikitang mga portable fire extinguisher sa bawat palapag sa tabi ng bawat labasan at ang mga hinihilang fire alarm naman ay nasa tabi ng bawat hagdanang labasan.

Ang bawat alarm ay dapat na ituring na emergency na sunog. Kapag narinig ang fire alarm o kung may makikita kang usok o sunog, sundin ang mga hakbang na ito para matiyak ang ligtas na paglikas sa gusali.

1. Lisanin kaagad ang iyong unit, at sikaping isara ang pinto paglabas. Hilahin ang fire alarm malapit sa hagdanan sa paglabas mo kung hindi tumutunog ang fire alarm.
2. Gamitin ang mga hagdanan, hindi ang mga elevator, para lumikas mula sa gusali.
3. Kapag nasa labas na, lumayo sa gusali at pumunta sa itinalagang pagtitipunan. Huwag magtipon sa lobby. Ang lugar na pagtitipunan ay nasa hilagang-silangang sulok ng paradahan.
4. Kung may makikita kang usok o sunog sa labas ng iyong apartment at hindi ka makakalabas gamit ang hagdanan, manatili sa iyong unit. Panatilihing nakasara ang iyong pintuan at bintana. Gumamit ng mga tuwalya o damit para harangan ang mga maaaring tagusan ng usok sa mga pintuan.
5. Sa oras na lisanin mo ang gusali, huwag nang bumalik sa gusali anuman ang iyong dahilan hangga't hindi pinapahintulutan ng Departamento ng Sunog ang muling pagpasok.



LEGAL NA DISCLAIMER: *This Hindi dapat gamitin ang Memorando ng Tulong para sa Kliyente (CAM) bilang pamalit sa lipon ng mga batas at regulasyon. Responsibilidad ng mga indibiduwal -na sundin ang lahat ng inaatas ng lipon ng mga batas at panuntunan, nakasaad man sa CAM na ito o hindi.*